REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Hunyo 9 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 236, s 1999

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 99

Sa mga. Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1 Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041 s 1997 ang Buwan ng Wikang Pambansa 99 ay ipagdiriwang sa Agosto 1 31 Ito ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino Ang paksang diwa ng pagdiriwang ay Ang Wikang Filipino sa Kanayunan Tugon sa Pagkakaisa ng Sambayanan.'

2 Ang isang buwang pagdiriwang ay hinati sa sumusunod na mga paksa para sa bawat linggo

| | |
|---|---|
| Agosto 1-7 | Ang Wikang Filipino at ang Pagpapahalagang Ispiritwal Moral at Kultural |
| Agosto 8 15 | Ang Wikang Filipino sa Kasaganaan at Kapayapaan ng Bansa |
| Agosto 16 22 | Ang Wikang Filipino sa Kanayunan Tungo sa Makabuluhan at Mataas na Uri ng Edukasyon Para sa Sambayanan |
| Agosto 23 28 | Ang Wikang Filipino at ang Makabagong Teknolohiya |
| Agosto 29 31 | Ang Wikang Filipino sa Ugnayan ng Mamamayan at Pamahalaan |

3 Kalakip nito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

4 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

Andrew Gonzalez
ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Kalakıp

Gaya ng nasasaad

Sanggunıan

Memorandum Pangkagawaran Blg 285 s 1998

Pamumudmod 1—(D O 50-97)

Ilalagay sa Palagıang Talatuntunan sa ılalım ı g mga sumusunod na paksa

CELEBRATIONS & FESTIVAI S
OFFICIALS
STUDFNTS
TEACHERS

**PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN**
**Buwan ng Wikang Pambansa '99**

Agosto 1 7 **Ang Wikang Filipino at ang Pagpapahalagang Ispiritwal, Moral at Kultural**

1 Pagdaraos ng palatuntunan na nagpapakita ng mga katutubong sayaw ng bansa at/o ebolusyon ng kasuotang Pilipino

2 Pagpapatugtog sa kampus ng mga awiting Pilipino

3 Pagdaraos ng paligsahan sa paglikha ng orihinal na awiting Pilipino

4 Pagdaraos ng seminar sa mga barangay tungkol sa wastong paggabay sa mga kabataan sa magkatuwang na pagtataguyod ng mga pinuno ng paaralan at barangay, ang wikang gagamitin sa talakayan ay Filipino

5 Pagpapasulat sa mga mag aaral ng pormal at di pormal na sanaysay tungkol sa paksa sa linggong ito

Agosto 8 15 **Ang Wikang Filipino sa Kasaganaan at Kapayapaan ng Bansa**

1 Pagkaraos ng dayalog ng mga mamamayan at pinuno ng pamayanan tungkol sa pagpapanatili ng kapayapaan at pagtatamo ng ibayong kaunlaran na Filipino ang gamit sa talakayan

2 Pagsasatao ng ugnayan ng mga rehiyon tungo sa iisang adhikain

3 Pagdaraos ng paligsahan sa pag aayos ng silid na umaakma sa paksa sa buwan ng wika

4 Pagdaraos ng isang eksibit ng mga pangunahing produkto ng partikular na rehiyon/lalawigan/bayan na may kapsyon o paliwanag sa Filipino

5 Pagdaraos ng paligsahan sa pagsulat ng islogan kaugnay ng paksa para sa linggong ito

Agosto 16 22 **Ang Wikang Filipino sa Kanayunan Tungo sa Makabuluhan at Mataas na Uri ng Edukasyon para sa Sambayanan**

1 Paggamit ng Filipino sa mga korespondensya ng paaralan

2 Paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo ng lahat ng aralin

3 Pagdaraos ng kolokyum o forum pangwika tungkol sa edukasyon at pamahalaan

4 Pagdaraos ng patimpalak sa pinakamagaling na pahayagan ng paaralan (batay sa nilalaman, kawastuang gramatikal lay out at iba pa)

5 Pagdaraos ng seminar workshop para sa mga guro tungkol sa mga inobasyon sa pagtuturo ng wika

Agosto 23 28 **Ang Wikang Filipino at ang Makabagong Teknolohiya**

1 Pagdaraos ng seminar workshop tungkol sa paggamit ng computer at sa *state of the art* sa larangan ng computer

2 Pangangalap ng mga bagong pasok na terminolohiya sa iba t ibang larangan (maaari rin namang pagtuunan na lamang ang isang tiyak na larangan) at pagbibigay ng katumbas sa Filipino (Ang mga itatalang terminolohiya ay pumasok sa pagsisimula lamang ng siglo 21)

3 Pagdaraos ng timpalak sa pagsulat ng sanaysay batay sa paksa sa linggong ito

4 Pagdaraos ng debate sa mabuti at di mabuting dulot ng makabagong teknolohiya na Filipino ang wikang gamit

5 Pagdaraos ng kumperensya o seminar workshop kung paano ang mabilis ngunit episyenteng pakikipag ugnayan o pakikipagtalastasan sa mga karatig pook o sa ibang bahagi ng kapuluan sa pamamagitan ng makabagong paraan

Agosto 29 31 **Ang Wikang Filipino sa Ugnayan ng Mamamayan at Pamahalaan**

1 Pagdaros ng isang pagtitipon at pagpupulong ng mga mamamayan at mga pinuno ng bayan para sa malayang pagpaparating sa kinauukulan ng mga hinaing suliranin at iba pa sa panig ng mga mamamayan at pagpaparating naman sa mga nasasakupan ng mga programa ng mga pinuno

2 Pagdaraos ng paligsahan sa pagguhit na nagpapakita ng paksa para sa linggong ito

3 Pakikipag ugnayan sa mga istasyon ng radyo at telebisyon para sa live na usapan ng Pangulo o ng Pangalawang Pangulo o sino mang mataas na opisyal at ng isang karaniwang mamamayan para maisatinig ng huli ang kanyang karaingan